



ANG

BAYAN

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIV Blg. 5

Abril 7, 2003

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Mga mananakop sa Iraq, layas!

Sukdulan sa arogansya, walang katarungan, iligal, mapang-api at lubhang mapangwasak ang pananalakay at pananakop ng imper-yalistang US sa Iraq. Habang nagtatagal ang pananalakay ng US, lalong lumalakas ang sigaw ng mamamayan ng Iraq at buong daigdig: palayasin ang mga impreyalistang mananakop sa Iraq!

Gamit ang superyor na mga armas, walang pakundangang nilapastangan ng US ang pambansang soberanya at kasarinlan ng Iraq. Pilit pinagtatakpan ang katotohanan ng brutal na pana-nalakay at okupasyon ng palamuting "kalayaang Iraqi".


Sa ikatlong linggo ng pananalakay, libu-libong sibilyang Iraqi, bukod pa sa mga sundalo, ang pinatay ng duwag at walang habag na pagpapaulan ng mga bomba at pamamaril ng mga mananalakay. Sa Baghdad pa lamang, mahigit 100 ang mga sugatang dinadala sa mga ospital sa bawat oras.

Tampok ang mga kasu ng pamamaril ng mga inosente sa mga tsekpoyn, pananakot, pwersahang panghahalughog sa mga bahay at walang piling pang-aaresto ng mga kalalakihan.

Tampok din ang pangwawasak sa mga bahayan, palengke, ospital, gusali, kalsada, tulay, paliparan, instalasyon ng masmidya at komunikasyon at iba pang mahahalagang impreastrukturang sibilyan.

Sa mga lugar na sinakop na ng mga mana-nalakay, lumalaganap ang kagutuman at pagka-uhaw. Sadyang winasak o inipit ang mga suplay ng pagkain at tubig na lalong nagpalala sa hirap nang kalagayan ng mamamayan.

TALIWAS SA INAKALA NG MGA MANANALAKAY NA
magiging madali at mabilis ang kanilang pananakop, maraming kabiguan at sagabal ang sumalubong sa armadong agresyon ng US at UK.



Mga tampok sa isyung ito...

Tumatagal ang pananalakay sa Iraq

PAHINA 3

Pambobomba sa Davao

PAHINA 6

Labanan sa Bulacan:
7 patay, 11 sugatan

PAHINA 10

Kahit pa gamit ang mas mahihinang uri ng mga sandata, na animo'y mga bato lamang sa harap ng mga *high-tech* na kagamitang pandigma ng mga mananalakay, nagpamalas ang mamamayang Iraqi ng kapuri-puring patri-yotikong paglaban—kapwa sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at mga protestang masa.

Tiyak na haharap pa ang mga mananalakay na pwersa sa higit na matinding paglaban ng mga Iraqi. Bawat araw na tumatagal ang labanan, lalong nahihiapan ang mga mananalakay hindi lamang dahil sa mga pag-atake ng mga regular at di regular na armadong pwersa at paglulunsad ng "people power" ng mga Iraq, kundi pati sa naiipong diplomatiko at pampolitikang presyur laban sa okupasyon.

Maitaguyod man ng US at UK ang kanilang armadong presensya sa mga syudad, makontrol man ang mga simbolo ng awtoridad ng rehimen ni Saddam Hussein, at makapagtayo man ng bagong pampolitikang awtoridad sa lubos nilang nakokontrol, tiyak na daranas ito ng higit pang kahirapan sa hinaharap.

KITANG-KITA NG BUONG MUNDO ang kawalang-katarungan, kawalan ng moral at ligal na batayan ng gera ng US sa Iraq; ang kasibaan ng US sa likod nito; ang kabilang pagsisinungaling ng US para mabigyang katwiran lamang ang gera; ang tindi at lawak ng pagpatay, pamiminsala at pangwawasak na idinudulot nito sa Iraq.

Ngayon pa lamang ay umaani na ang US ng walang kapantay na poot ng mamamayang Iraqi, ng mga Arabo at Muslim at ng malawak na mamamayan ng daigdig. Lumalaganap ang panawagang tumututol sa okupasyon ng US sa Iraq at para sa kagyat na pag-alis ng mga tropang Amerikano mula sa bansa.

Galit na galit sa US ang mamamayan sa Middle East. Ang kaugnay na kaisahang Arabo at Muslim laban sa sabwatan ng US at Israel laban sa Palestine ay higit pang pinahigpit at pinalawak ngayon ng kaisahan nila laban sa pananalakay ng US at UK sa Iraq. Maraming Arabo mula sa Syria, Egypt, Libya, Jordan, Lebanon at iba pang bansa sa Middle East ang nagpahayag ng kahandaang

tumulong sa paglaban ng Iraq sa agresyon ng US at UK. Ang iba sa kanila ay nasa loob na ng bansa.

Labis na kagalit-galit ang asal-buwitreng pagsakmal ng mga kumppanyang US sa lahat ng mga kontrata para diumano sa rekonstruksyon ng Iraq. Para rin umano rito ang pagsamsam ng US ang P1.9 bilyong deposito ng gubyerno, negosyante at mamayang Iraqi sa mga bangko sa US. Buong-takaw na kinakamkam ng US ang lahat ng pakinabang—kahit ang UK, ang pangunahing alyado nito sa gera, ay nangangamba na pagtitirhan lamang ito ng mumo ng US.

ANG PANANALAKAY NG US SA IRAQ ay dinadala sa sukdol ng kaigtingan ng kontradiksyon sa pagitan ng malawak na mamamayan at nakararaming bayan sa daigdig at ng nangungunang imperyalismong US.

Ang sukdulang unilateralismo ng US ay sumagasa sa dating sistema ng pakikipag-ugnayan nito sa France, Russia, Germany, China, mga bansang Arabo at iba pang malalaking bansang may malalaking interes din sa Iraq at Middle East. Pinalalala ng unilateralismong ito ang inter-imperialistang kontradiksyon at gayundin ang kontradiksyon sa pagitan ng *superpower* na US at iba pang mga bansa.

Binabago nito ang inabot nang sistema ng pandaigdigang relasyon ng mga bansa. Lantarang binallewala ng US ang United Nations nang salakayin nito ang Iraq. Sa gayon, naging inutil at naiwan na lamang itong tagaligpit ng kalat at tagapunas ng dugo ng pananalanta ng nagsosolong *superpower*. Sa harap nito, kahit ang NATO, ang alyansang militar ng US at Europe, ay nawalan ng katuturan liban sa

ANG Bayan

Taon XXXIV Blg. 5 Abril 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Gera sa Iraq	3
Tuluy-tuloy na protesta	5
Pambomboma sa Davao	6
Narito ba si Meiring?	7
Mga ulat koresponsal	
Presyo ng saging	7
Dagundong ng Bikol	8
Proyektong Kasaba	9
Matatagumpay na Opensiba	10
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pagkokoordina ng "humanitarian assistance".

Sa kabilang panig, makabuluhan na muling nabuhay ang Non-Aligned Movement at tumindig ang Arab League laban sa sukdulang agresyon at unilateralismo ng US. Tiyak na hahantong ang lahat nang ito sa ibayong kaguluhang pandaigdig.

Walang araw na lumilipas na walang demonstrasyon sa iba't

ibang panig ng mundo, pati na sa US at mga pangunahing imperyalistang bansang kasapakat ng US, laban sa agresyon sa Iraq. Kapantay at, sa maraming lugar, hinihigitan ng mga demonstrasyong ito sa mga gahiganteng protesta laban sa gerang agresyon ng US sa Vietnam noong 1965-75. Binuhay ng gera sa Iraq ang muling pag-ibayo ng kasiglahan ng kilusang anti-imperialista sa

daigdig.

Sa kagayat, marapat na pagibayuhin ang paglaban upang palayasin ang mga mapanalakay na tropang Amerikano at UK sa Iraq.

Nagsisilbing matabang lupa ang kasalukuyang lumalalang kagayan ng krisis, represyon at gera para sa pagsulong ng mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo sa buong daigdig. **AB**

Madugong pananalakay at pananakop sa Iraq

Sa ikatlong linggo ng pambobomba at panganganyon, pwersahang napasok na ng mga talibang pwersa ng militar ng US ang syudad ng Baghdad, ang kabisera ng Iraq. Gayunman, hindi pa rin lubusang nagtagumpay ang pananalakay at pananakop ng mga pwersang US at United Kingdom sa Iraq. Bagamat malaki ang disbentahe sa kagamitang pandigma, magiting na nakipaglaban ang mga sundalong Iraqi at nagpahirap sa kampanya ng pananalakay at pananakop ng US.

PAGTARGET SA MGA SIBILYAN

Sadyang tinarget ng mga pwersang US at British ang mga sibilyan at mga sibilyang pasilidad upang paluhurin ang mamamayang Iraqi sa kapangyarihan ng US. Matapos nang 20 araw, libu-libo ng mga sibilyang ang napatay at nasugatan.

Sa Baghdad, na siyang sentro ng pambobomba ng US, umaabot na 100

buong syudad. Apektado nito ang mga pasilidad na nagsusuplay ng maiinom na tubig at ang normal na operasyon ng mga ospital.

Sa Basra, timog ng Iraq, pinasabog ng mga tropang British ang isang malaking bodega na puno ng pagkain na nakalaan para sa ilang liggong suplay ng syudad. Binomba rin nila ang pasilidad na nagsusuplay ng maiinom na tubig sa 1.5 milyong Iraqi sa katimugang Iraq at ang pangunahing plantang nagsusuplay ng kuryente sa buong Basra.

Sa Hillah, isang maliit na bayan sa sentral na bahagi ng Iraq, mahigit 60 ang agad na namatay nang pinasabugan ito ng US at UK noong Abril 3. Marami sa namatay ay mga bata na tinamaan ng mapanirang *cluster bomb* (bombang naglalaman ng daan-daang maliliit na bomba na ikinakalat at pinasabog sa isang malawak na saklaw). Daan-daan pa ang sugatan. Mas marami ang nabaon na lamang sa kani-kanilang mga bahay at hindi na naitala.

Ilang araw bago nito, walang kaabug-abog na pinagkakanyon ng mga tangkeng Amerikano ang isang bus na puno ng sibilyan sa Hillah.

Kasabay nito, pinaulanan ng US ng mga missile at bomba ang Radwaniyah, isang maliit na komunidad sa laylayan ng Baghdad, kasabay ng "pag-agaw" ng mga pwersang Amerikano sa paliparan sa Baghdad. Pinaghihinalaan ng US na base ng mga regular na pwersang Iraqi ang komunidad. Labingwalong sibilyan ang agad na namatay, 12 rito ay mga bata.

Sa Nasiriyah, isang palengke ang pinasabugan ng cluster bomb noong Marso 29. Umabot sa 250 ang agad na namatay sa loob ng kani-kanilang mga bahay nang tamaan ng maliliit na bomba.



sibilyan ang oras-oras na naiuulat na biktima ng araw at gabing pambobomba. Kasabay ng kanilang "pag-agaw" sa internasyunal na paliparan na nasa labas ng Baghdad, winasak nila ang pangunahing plantang nagsusuplay ng kuryente sa

Sa Najaf, minasaker ng mga sundalang Amerikano ang pitong kababaihan at mga bata nang hindi agad huminto ang kanilang sasakyang harap ng isang tsekpoyn doon. Ilang oras matapos ang masaker, binaril naman ng isang Amerikano ang isang sibilyang Iraqi sa takot na may dala itong bomba.

Sa malapit na rehiyon ng Haidariya, 15 myembro ng isang pamilya ang namasaker nang pinasabugan ng isang helikopter na Apache ang kanilang sinasakyang trak. Nagpaulan din ng mga bomba ang US sa Shuale, isang distrito sa laylayan ng Baghdad.

LABANAN SA BAGHDAD

Gamit ang mga tangkeng suportado ng mga eroplano pandigma, pwersahan nilang pinasok at inokupa ang ilang susing gusali ng gubyernong Iraq. Winasak ang mga pasilidad sa kuryente pati na ang mga istasyon ng telebisyon at radyo.

Gayunman, tuluy-tuloy ang pakikipagpalitan ng putok ng mga sundalang Iraqi. Nakapakat at nakakubli sila sa mga piling estratehikong ruta sa buong syudad. Maya't maya'y napapaatras nila ang mga tropang Amerikano. Upang gapiin ang mga pwersang Iraqi, tatlong batalyon ng US Air Force sa Nasiriyah at Najaf ang kinuha upang sumaklolo sa kanilang mga tropa sa Baghdad.

Bagamat naokupa na ang ilang gusali, hindi pa rin nila lubusang nakokontrol ang Baghdad. Kahit ang paliparang unang "inagaw" nila sa katimugang bahagi ng Baghdad ay di pa rin lubusang nagagamit.

Maraming mga sundalang Amerikano ang ngayo'y nasusukol sa loob ng syudad, putol sa

Noong Abril 5...

130,000 tropang Amerikano at British ang aktwal na sumalakay sa mga syudad ng Iraq, bahagi ng **250,000** kabuuang pwersa na nasa Gulpo. Nakapagpalipad na ang US at UK ng **725** Tomahawk cruise missiles, nakapaglunsad ng **18,000** *air missions*, nagpasabog ng **50** cluster bombs at nagpакawala ng **12,000** "precision-guided missiles." Magpahanggang sa kasalukuyan, **0** o walang sandata para sa maramihang pamiminsala ang natutuklasan. **1,500,000** mamamayan sa katimugan ng Iraq ang walang maiinom na tubig. **200,000** bata sa katimugan ng Iraq ang nanganganib matatay dahil sa pagtatae. **17,000,000** mamamayan Iraqi ang umaasa sa ayudang pagkain, na ngayon ay nakatigil dahil sa gera. **600** oil wells at ripeneriya ang nakapailalim na sa kontrol ng mga British at Amerikano. **80** bilyong dolyar ang inilaan ng kongreso ng US upang punan ang lumalaking gastusin sa digma.

kanilang suplay, walang tropang reimporment at napapalibutan ng mga di regular na pwersang Iraqi. Pangunahin silang nakaasa sa suportang panghimpapawid ang kanilang pag-atras o pag-abante.

MGA KASWALTI SA MGA MANANALAKAY


Hindi na maiwasan ng US na ilantad ang kanilang mga tropa sa ganting-salakay ng mga Iraqi. Papataas ang bilang ng kanilang mga kaswalti. Ayon sa mga independiyenteng ulat nitong Abril 6, umaabot na sa 255 ang napatay na Amerikanong sundalo, 92 ang missing, 785 ang sugatan at 15 ang nabibihag ng mga sundalang Iraqi.

Lumalaban ang mga sundalang Iraqi gamit ang kanilang pagkakaposisyon at kaalaman sa lugar upang pana-panahong paatrasin at/o ilihis ang mga mananakop. Pinababayaran nila ng mataas ang bawat operasyon naila-lantad

nila ang kanilang mga tropa at kagamitan. Sa panig ng mga sundalang Iraqi, 1460 na ang napapatay dulot ng mga pamboboma, 800 ang sugatan at 985 ang nabibihag sa digma.

KONTROL SA MIDYA AT PROPAGANDA

Upang kontrolin ang importasyong dumadaloy mula sa Iraq, ipinakat ng US at UK ang mahigit 600 mamamahayag sa kanilang mga yunit militar. Oras-oras, inilalabas nito ang mga pahayag ng sentrong kumand ng US. Katulad ng kanilang mga katabaho sa loob ng Iraq, mahigpit na minamanaman ng mga tropang militar ang kanilang mga binobrodkas. Idinidikta ng mga tropa kung ano ang laman at kailan lamang sila maaaring magbrodkas. Ang mga sumusuway sa kanilang mga utes nila ay agad na "tinitiwalag" at sinisipa sa pwesto. Binabalaan at tinatakot ng US ang lahat ng iba pang mamamahayag na hindi nagpailalim sa kanilang kumand. AB



Mga patriyotikong grupo, tuluy-tuloy na nagprotesta

Tuluy-tuloy ang mga protestang anti-gera sa buong bansa ng iba't ibang demokratiko at patriyotikong pwersa. Kasabay ng pagtutol ng karamihan sa imperyalistang digma na inilunsad ng US laban sa Iraq, kinukundena rin ng mga nagrali at nagprotesta ang todo-todo gerang inilulunsad ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa Mindanao.

Tigilan na ang gera sa Mindanao at pagsuporta sa gera sa Iraq! Ito ang nagkakaisang panawagan ng mamamayang Moro sa mga protesta nila sa gubyernong Macapagal-Arroyo at Bush.

Sa pamumumuno ng Bangsamoro Alliance Against Injustice, nagdaos ang mamamayang Moro ng isa sa pinakamalaking kilos protesta sa kasaysayan ng Cotabato City nitong Abril 2. Iginiiit nila sa rehimen na ipatupad ang tigil-putukan upang maiwasan ang patuloy na paglikas at nang sa gayon ay makabalik na sa kanilang mga tahanan ang mga sibilyan. Nanawagan din sila na iatras ng gubyernong Macapagal-Arroyo ang suporta nito sa pananalakay ng US sa Iraq.

Umabot sa 5,000 na nagmartsa sa Ayala Avenue, Makati City noong Marso 28. Pinamunuan ang kilos protestang ito ng iba't ibang grupong relihiyoso, mga propesyunal, negosyante at dinaluhan ng Bayan, KMU, KMP, Gabriela, Kadamay, Anakpawis at iba pang pangmasang organisasyon.

Sa Baguio City, humiga sa Session Road ang mga kasapi ng mga militanteng grupo at

estudyante bilang protesta. Nagdaos ng misa sa mga lunsod ng Laoag, Vigan at San Fernando, La Union sa rehiyon ng Ilocos. Bago tumulak ng Makati, ang mga delegado ng Pangasinan, Tarlac at Pampanga ay nagdaos ng maikling rali sa San Fernando City, Pampanga habang naglunsad ng *caravan* naman ang mga Nova Ecijano mula Cabanatuan City. Ganito rin ang ginawa ng mamayang na galing sa lunsod ng Bulacan, Laguna at Naga.

Sa Kabisayaan, nagdaos ng mga martsa-rali sa Cebu City sa pamumuno ng Bayan at Justice not War Coalition (JNWC) Tagbilaran City sa Bohol. Bago ito, nagpasa ng resolusyon ang lokal na gubyerno rito na kumukundena sa gera sa Iraq at nananawagang bawiin ng gubyernong Macapagal-Arroyo ang suporta dito. May pangkulturang rali sa Bacolod City sa Negros habang nagdaos ng *interfaith forum* (porum ng iba't ibang pananampalataya) at pananalangin sa Tacloban City sa Leyte.

Nagprusesyong Davao City ang JNWC, US Troops OUT of Mindanao! Bago nito, umikot sa buong isla ang manipesto ng mga ng obispong Katoliko na nanawagang itigil ang gera sa Iraq at Mindanao at pairalin ang katarungan. Martsa-protesta naman sa General Santos City na dinaluhan



ng mga nagmula sa mga prubinsya ng Socsargen. May *candle march* sa Cagayan de Oro City.

Kasabay ng mga demonstrasyon, naglunsad rin ng iba't iba pang tipo ng protesta ang iba pang sektor ng lipunan.

Noong Marso 27, mula sa iba't ibang bahagi ng bansa nagtipunton ang mga artista at mga kinatawan nila sa Solidarity for Gathering for Peace sa Cultural Center of the Philippines. Hinikayat ng premyadong direkto ng pelikula at makatang si Marilou Diaz Abaya ang lahat ng mga artista na matapang na magpahayag sa kanilang mga likhang singing. Dumalo ang mga kasapi ng Concerned Artists of the Philippines, mga kinatawan ng Art Association of the Philippines, PETA, Ugat-Lahi, Gabriela, Mindanao People's Coalition, Philippine Islamic Council, Mindanao Commission on Women at iba pa. Nagkaroon din ng parehong pagtatanghal sa Davao City, Cagayan de Oro City, Iloilo City at New York City sa USA. Mahigit 400 mamamayahag at mga manggawa sa midya naman ang lumagda sa anti-gerang manipesto sa "Media for Peace".

AB

Mga pambobomba sa Davao

Pakana ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo ang mga pambobomba sa Davao upang bigyan-daan ang ibayong paghaharing militar at imperialistang interbensyon

Iisa ang nagpakanang pambobomba nitong Abril 3 at noong Marso 4 sa Davao City: ang rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

Nitong Abril 3, isang bomba ang pinasabog sa pier ng Sasa sa Davao City na ikinamatay ng 16 katao. Ilang oras pagkatapos nito, apat na moske roon ang pinasabog at pinagbabaril at sumabog ang iba pang bomba sa ibang bahagi ng Mindanao. Mahigit 20 naman ang namatay sa pambobomba sa paliparan ng Davao City noong Marso 4.

Iisa rin ang layunin ng ganitong paghahasik ng terorismo at pamiminsala sa mamamayan: ang likhain ang kundisyon para sa pagpapatindi ng represyon at imperialistang interbensyon sa Pilipinas. Nais palabasin ng rehimeng na ang mga pagpapasabog na ito ay kagagawan ng mga Moro--at sa partikular--ng Moro Islamic Liberation Front, kasabutuan umano ang Abu Sayyaf, al Qaida at Jemaah Islamiah. Naglubid rin ang rehimeng ng istorya na kasabutuan din ang Bagong Hukbong Bayan sa pagbomba noong Marso 4 at mga kasunod nito. Layunin din ng rehimeng bigyang-katwiran ang pagkakategorisang "terorista" ang MILF at BHB at isabotahe ang usapang pangkawayapaan sa pagitan ng gubyerno at mga rebolusyonaryong pwersa.

Para lalong patingkarin ang habi ng nilubid na istorya na mga Moro ang nasa likod ng mga ito, ang mga aktwal na nagpakanang mga krimeng ito ay nagbibintang sa kung sinu-sinong Moro. Kagyat pagkatapos ng pambobomba noong Marso 4, nagpalitaw ang rehimeng ng halatang-halatang pekeng sulat ni Hamsiraji Sali ng Abu Sayyaf para palabasing ang MILF at BHB ay kinasabutuan ng Abu Sayyaf sa mga pambobomba. Pinagbintangan din na "suicide bomber" ang isang natamaan ng bomba at namatay na inosenteng Moro kahit na sumusundo lamang siya sa darating na kamag-anak. Walang kaabug-abog na nanghuli pa ang rehimeng ng siyam na sibilyang Moro na umano'y mga pwersa ng MILF. Idinagdag na lamang sa senaryo nitong Abril 3 ang pambobomba at pamamaril sa mga moske para palabasing may mga di Moro na gumaganti lamang sa pambobomba ng mga Moro. Mahigit 50 na ang inarestong mga Morong sibilyan at

mayroon pang limang dinukot at nawawala.

Ang mga teroristang karahasan at pakanang ito ay pagpapatuloy lamang ng planong binuo ng Pentagon at CIA at iniatis ni US Defense Sec. Donald Rumsfeld kay Defense Sec. Angelo Reyes nang bumisita ang huli sa US ilang araw bago ang pambobomba sa paliparan ng Davao. Ang paglilikha ng ganitong mga pakana ay tulak ng desperadong paghahanap ng mga katwiran upang malampasan ang malakas na protesta at maikutan ang pagbabawal sa sariling konstitusyon ng gubyerno sa paglahok ng mga tropang Amerikano sa kombat sa Pilipinas. Nais ng US na ituon ang kanilang mga pwersa sa BHB at MILF/BIAF.

Makapal ang mukha ni Gloria Macapagal-Arroyo na ginamit ang naturang trahedyang para sa pansariling pagpapabango.

Ipokritang ibibigay pa diumano niya ang P1 milyong pondong nakalaan sa engrandeng selebrasyon ng



kanyang kaarawan bilang pabuya sa paghahabol sa mga salarin.

Isang araw pagkatapos ng pambobomba, idineklara ni Arroyo ang pag-iral ng "state of lawless violence" (kalagayan ng karahasang walang sinasantong batas) sa hindi lamang sa Davao kundi sa buong Rehiyon 11 at 12. Nais ng rehimeng na isangkalan ang pangyayari para maisabatas na ang matagal nang itinutulak ng US at ng Malakanyang na mga pasistang panukalang batas tulad ng Anti-Terrorism Bill at National ID System.



Nandito na naman ba si Michael Meiring?

Ang mga "teroristang pambobomba" nitong Marso at Abril sa Davao, ang magkakasunod na pagpasabog ng mga moske at iba pang pampublikong lugar sa Mindanao, at maging ng mga pagpapasabog noong nakaraang taon sa Metro Manila ay kagagawan ng mga taong tumatanggap ng mga utes mula sa mga ahensya ng US at Malakanyang. Isa sa mga taong ito si Michael Terrence Meiring.

Sino si Michael Meiring? Isa siyang Amerikanong eksperto sa mga pasabog na ahente ng Central Intelligence Agency. Kumikilos siya sa ilalim ng direksyon ng mga ahensyang US at mga katuwang na ahensya sa Pilipinas.

Noong Mayo 16, 2002, nalantad ang *modus operandi* ni Meiring nang kinailangan siyang dalhin sa isang ospital sa Davao matapos siyang masabugan ng inihahanda niyang bomba. Nasa loob siya noon ng kanyang kwarto sa Evergreen Hotel sa Davao City. Tumampok ito sa balita dahil naganap ang aksidente sa gitna ng mga "teroristang pambobomba" noon sa iba't ibang bahagi ng Mindanao.

Bago lubusang malantad, dali-daling kinuha sa Davao si Meiring ng mga ahente ng National Security Agency, isang ahensyang direktang nakapailalim sa Malakanyang, at ng US Federal Bureau of Investigation. Pagdating ng Maynila, kaagad siyang itinago ng US embassy at agad na inilipad sa US *naval base* sa San Diego, California. Ang kanyang mga bayarin sa ospital sa Davao ay inareglo na lamang ni Vice Consul Michael Newbill ng US embassy.

Mahigit sampung taon nang nasa Pilipinas si Meiring. May isang taong bumase siya sa Metro Manila at hilagang Luzon. Subalit sa kalakhan ng panahon ay nakabase siya sa Mindanao.

Marami siyang inarmasan at tinuruan ng paggamit ng mga pasabog sa Mindanao. Mahigpit ang kunkasyon niya sa Abu Sayyaf na karaniwang nagpapabili sa kanya ng mga sandata, gamit ang mga US Federal Reserve notes na nakamkam sa *kidnapping*.

Naging mahalaga si Meiring sa pamunuan sa militar ng US at Pilipinas para sa sikretong pagkokoordina ng mga "teroristang pambobomba" sa Mindanao noong nakaraang taon. Sa muling paghahasik ng lagim ng US at ng rehimeng mistulang narito na naman si Meiring sa Pilipinas. **AB**

Presyo ng saging, napataas


Matagumpay na napataas ng mga magsasaka ng Sentral Mindanao ang presyo ng saging mula P5-8 tungong P6-9 bawat kilo. Nagawa ito ng mga magsasaka sa Misamis Oriental noong nakaraang taon sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at pakikipagkumprontasyon sa mga komersyante-usurero na nasa lugar.

Mula sa iisang bayan lamang sa hilagang silangang Misamis Oriental, lumawak ang kampaña at sinaklaw nito ang limang bayan. Dahil sa kawastuan ng dinadalandang panawagan, nakabig ng mga magsasaka ang suporta ng mga propesyunal, ng lokal na pamahalaan, ng kinatawan ng Department of Agriculture at maging ng hepe ng Philippine National Police.

Nakabig rin nila ang ilang mga "buyer" at mga may-ari ng posteng imbakan ng saging sa mga baryo dulot ng kanilang sustenido at masaklaw na pangangampanya. Ginamit nila ang radyo at iba pang mas midya para maabot kahit ang mga lugar na hindi na saklaw ng kanilang organisasyon.

Mahigit 200 magsasaka ang sumama sa pakikipagkumprontasyon sa apat na malalaking komersyante-usurero. Hindi kaagad-agad nakamit ng mga magsasaka ang iginiit na pisong pagtaas ng presyo.

Tahasang tumanggi ang isa sa mga komersyante-usurero at ang iba naman ay hindi agad nagbigay ng katiyakang itataas nila ang presyo. Ngunit dahil determinado ang mga magsasaka, nagkaisa silang hindi magbebenta sa sinumang komersyante-usurerong hindi magtataas ng presyo. Dahil dito, sa kalaunan ay napwersa ang mga komersyante-usurero na itaas ang presyo. Umabot ng mahigit isang buwan ang pakikibaka para rito.





Isang tagumpay sa propaganda at edukasyon

Dumadagundong ang isang bagong rebolusyonaryong programang panradyo sa Kabikulan

Isang tagumpay ang produksyon ng rehiyong Bikol ng rebolusyonaryong brodkas. Simula noong nagdaang taon, inilabas ang *Dagundong ng Bikol*, isang rebolusyonaryong programang panradyo. Layunin nitong ilinaw at palaganapin sa mamamayan ng rehiyon ang rebolusyonaryong paninindigang pampolitika at kultura. Pinalalaganap ang *Dagundong* sa pamamagitan ng *compact disk* o CD.

Nahahati sa ilang bahagi ang programa ng *Dagundong*. Pinakatampok sa mga ito ang *Tudlang Talakayan*, na tumatalakay at sumusuri sa pinakamaiinit na mga isyu sa rehiyon, sa bansa at sa ibayong dagat.

Sa unang brodkas ng *Tudlang Talakayan*, tinalakay ang todo-gerang inhilunsad ng rehimeng Macapagal-Arroyo, ang armadong interbensyon ng US sa Pilipinas at ang pagdedeklarang "terorista" ang PKP-BHB-NDF. Sinasalitan ng rebolusyonaryo at progresibong mga awitin ang masiglang talakayan upang maging mas kaiga-igaya ang programa.

May bahagi ring pinamagatang *Dalugi kan Rebolusyon* (Punla ng Rebolusyon) na naglalaman ng mga rebolusyonaryong likhang singing at pampanitikan.

Sa bahaging *Sulo ng Pakikibaka*, ibinalita ang pinakamai-

init na pangyayari sa iba't ibang larangan at prubinsya sa rehiyon. Mainam din ang bahaging *Sulo-Syensa*, na naglalaman ng "syentipikong pagsusuri tungkol sa ating kalikasan at sa mga bagong kaalaman at teknolohiya na may kabuluan sa buhay at paglaban ng kalakhang masang magsasaka". Ang mga impormasyong tinatalakay sa bahaging ito ay nakapagpapayaman sa kaalaman ng mga kasama at masa.

Ikinatalugod ng mga kasama at masa ang bahaging pinamagatang *Agi-ag i sa Buhay asin Pakikibaka ni Daday* (Kwento ng Buhay at Pakikibaka ni Daday), isang dula tungkol sa isang sampung taong gulang na bata. Sa unang brodkas, isinadula ang kabiguan ng isang *special intelligence team* ng kaaway na pag-panggapan si Daday na sila'y isang yunit ng BHB. Bukod sa likas na bisa ng dula sa pagpopropaganda, nagawa rin itong kasiya-siya sa pamamagitan ng mga eksenang katatawanan.

Ayon sa istap na gumawa ng brodkas, simple lamang ang proseso ng produksyon ng *Dagundong ng Bikol*. Iilang kagamitan lamang na madaling makuha ang kinailangan nila. Ginamit nila ang mga *computer program* na *Cool Edit Pro* para sa pag-edit ng brodkas, *Band in a Box* para sa *sound effects* at *Wave-MP3 Converter* para isalin ang pro-

DAGUNDONG NG BIKOL

unang brodkast



Oktubre 10, 2002

dukto sa format na MP3. Gumamit din sila ng saligang mga kagamitang pang-audio tulad ng *bi-directional microphone, recorder* at iba pa.

Bukod sa istap na nakatutok sa gawaing propaganda ng rehiyon, maraming mga kasama ang nagtutulung-tulong sa paglikha ng iba't ibang bahagi ng *Dagundong*.

Ang *Dagundong ng Bikol* ay mahusay na pagtugon sa panawagan ng Partido na ibayong paghusayin at pasaklawin ang gawaing propaganda at edukasyon. Pagtali-ma ito sa mahigpit na pangangailangan palaganapin ang mahahalagang impormasyon at pagsusuri sa mga isyu at ang rebolusyonaryong kultura.

Bukod sa mga pahayagan at iba pang mga babasahin, mga *video cassette* at *CD* at iba pang instrumento sa propaganda at edukasyon, ang pagtutuluy-tuloy ng brodkas ay lalong magtataas sa antas ng kamulatan at militansya ng masa at mga kasama at ibayong makatutulong sa pagsusulong ng rebolusyon.

AB



Cassava Plantation Project

Higit pang pahirap at pagsasamantala sa mga magsasaka

Walang idinulot kundi kawalan ng lupa, kahirapan, malawakang kagutuman at ibayong militarisasyon ang "Proyektong Kasaba" (Cassava Plantation Project) na pwersahang ipinatupad ni Eduardo "Danding" Cojuangco sa timog-kanlurang Isabela. Sa ilalim ng proyekto, itrinansporma ang maliliit na sakahan sa Isabela tungo sa isang malaking plantasyon ng kamoteng kahoy para sa gamit ng iba't ibang negosyo ni Cojuangco.

Kasabwat ang *warlord*-burukratikong angkan ng mga Dy, inagaw ni Cojuangco ang 150,000 ektaryang lupa sa 11 bayan ng Isabela (Mallig, Quezon, Sta. Maria, Cabagan, Delfin Albano, Quirino, Sto. Tomas, Ilagan, Aurora, Gamu at Burgos) para gamitin sa "proyektong kasaba". Ito na marahil ang pinakamalaking kaso ng pang-aagaw ng lupa sa kasaysayan ng papet na republika. Sa kagyt, balak ni Cojuangco na pasakalwin sa 250,000 ang plantasyon. Sa hinaharap, hindi malayong umabot pa ito sa isang milyong ektarya. Sa ngayon, mayroon na itong kontrata sa mga magsasaka at lokal na pamahalaan sa Quirino at Cagayan para magtanim din ng kasaba.

Sa Isabela pa lamang, aabot ng 100,000 magsasaka ang maapektuhan sa proyektong ito. Sa kagyt, mawawalan ng lupa ang mahigit 30,000 magsasaka. Karanahan sa kanila ay ilang dekada nang nagbubungkal sa lupang kinateoryang mga pampublikong lupaing "tiwangwang". Buu-buong sinaklaw ang mga ito ni Cojuangco. Sa Mallig, sinaklaw din nito ang

817 ektaryang relokasyon ng mahigit 100 pamilyang biktima ng pagsabog ng Pinatubo at itinalaga roon noong 1991.

ISKEMANG KORPORATIBA. Upang lubusang mapailalim sa kontrol ni Cojuangco ang mga lupain, ipinaiilalim ng Department of Agrarian Reform sa "corporative scheme" ang lahat ng 250,000 ektarya. Para sa iskemang ito, itinayo ang isang bogus na kooperatiba, ang Valley Planters Development Corporation (VAP-DECO), na sumaklaw sa lahat ng umaangkin at nagmamay-ari ng lupain. Bagamat sa papel ay nasa pangalan pa rin ng mga indibidwal na magsasaka ang kanilang lupain, sa katunaya'y ipinasuko na sa San Miguel Corporation-Cassava Plantation Project (SMCCPP) ang kanilang indibidwal na karapatan sa lupa kapalit ng pagiging myembro sa VAPDECO. Kapalit nito, tatanggap sila ng kakarampot at walang kwentang sapi (*shares*) ng VAPDECO. Ang SMCCPP ang tatayo bilang solong kasosyo ng VAPDECO.

Bagamat sa pangunahin ay proyekto ito ng isang pribadong



kumpanya, manggagaling sa gubyerno sa pamamagitan ng Land Bank of the Philippines ang pondong ipauutang sa mga magsasaka. Babayaran ng mga magsasaka ang mga utang na ito sa napakataas na interes na 36% tuwing anihan. Awtomatikong aawasin sa ibabayad ng SMCCPP sa VAPDECO ang mga utang ng magsasaka. Ang matitirang pondo na lamang ang paghati-hatian ng bawat magsasaka.

Tanging kamoteng-kahoy ang pwedeng itanim sa sasaklawing lupain. At lahat ng ani ay sa SMCCPP lamang pwedeng ibenta. Ang kamote ay ipropreseso ng SMC para sa arina, sangkap ng *ice cream* at alak, sangkap para sa paggawa ng pakain sa manok, baboy at isda na kalakhan ay para sa eksport. Magtatayo ng apat na *flour mills* at *feed mills* sa Isabela para sa pagpoproseso nito. Ipinaubaya naman sa mga lokal na yunit ng gubyerno ang paggawa ng mga impreastruktura tulad ng mga kalsada at patubig.

"Kasaba...," sundan sa pahina 10



Labanan sa Bulacan: 7 patay, 11 sugatan sa kaaway

MATATAGUMPAY NA NABALIKTAD NG BHB-Eastern Bulacan ang tangkang pangungubkob ng magkasanib na pwersa ng PNP at AFP noong Marso 29 sa Angat, Bulacan. Pitong sundalo ang napatay at labing isa pa ang nasugatan sa hanay ng kaaway. Dalawang Pulang mandirigma ang namartir.

Nakatipon sa araw na iyon ang isang 25-kataong platon ng BHB-Eastern Bulacan sa Pulong Yantok, Angat upang maglunsad ng pag-aaral at pagdiriwang sa okasyon ng ika-34 anibersaryo ng BHB. Alas-5:30 ng umaga nang una nilang namataan ang papalapit na mga pwersa ng pulis at sundalo. Nasa

bentahe silang pusyon kaya una silang nakapagpaputok sa kaaway.

Sa kabilang superyor na armas at mas malaking bilang ng pwersa ng kaaway, namantine ng BHB ang inisyatiba sa buong labanan. Nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng anim na M16, isang .45 pistol at anim na bandooleer ng mga bala. Liban sa dalawang mandirigma na agad na namartir, ligtas na nakaatras ang iba pang mga kasama. Walang katuturan ang paghahabol umano sa kanila ng mga pulis hanggang Barangay Matandang Sili at Engkanto, sa bayan ng Pandi.

Kabilang sa mga namatay si

Chief Inspector Expedito Delgado, haliling direktor ng 305th PMG. Kabilang naman sa mga sugatan sina Supt. Fernando Villanueva, kumander ng 305th PMG ng PNP, na tinamaan sa kanang tainga at kanang balikat, si Insp. Lauro Apostol ng Meycauayan PNP, Insp. Solomon ng Special Action Force ng PNP at Capt. Mario Marron ng 56th IB PA.

Kinilala at pinararangalan ng buong kilusan ang kabayanihan ng dalawang martir na sina Arnel San Juan (Ka Gerald) at Norbel Ortega (Ka Cani). Pinaabutan din ng taimtim na pakikiramay ang kanilang mga mahal sa buhay.

"Kasaba...," mula sa pahina 9

MALAKING GASTOS. Hindi nagkatotoo ang pangako ng SMCCPP na kikita ng malaki ang mga magsasaka sa proyekto. Sa halip, nabaon sila sa utang dahil sa laki ng gastos sa produksyon. Malayo sa realidad ang sinasabing P26,000 pinakamababang netong kikitain ng mga magsasaka kada ektaryang tatamnan ng kamoteng kahoy.

Abot langit ang presyo ng mga kinakailangang mga gamit at binhi. Malaki rin ang kinakailangang pasahod para sa dagdag na lakas-paggawa sa manomanong pagtatanim at pag-aani ng ekta-ektaryang kamoteng kahoy. Para sa 5.4 ektaryang lupain, aabot na sa P76,000 ang kakailanganing utangin ng isang magsasaka. Wala pa sa halagang ito ang gastos para sa batayang pangangailangan ng magsasaka at ng kanyang pamilya.

Dagdag dito, malaking bahagi ng ani ang nasira dahil sa tagtuyot at pagkabalam ng pag-ani sa maraming lugar. Sa unang taon pa lamang ng proyekto, nabaon na sa napalaking utang ang mga magsasaka.

Sa bayan ng Luna at Santiago, lampas na sa P1 milyon ang utang ng mga magsasaka sa LandBank. Pinalalaki pa ito ng napakataas na sinisingil na interes. Wala ni isang sentimo rito ang napunta sa pangangailangan ng mga magsasaka at kanilang mga pamilya.

Lalong naghirap ang mga magsasaka nang tumanggi ang Land Bank na ilabas ang pondong pasahod sa mga kakatulunging manggagawang bukid sa pag-ani ng kamoteng kahoy. Umabot na sa P57,000 pasahod ang hindi naibibigay ng Land Bank. Dahil dito, nabulok sa ilalim ng lupa ang sangkatlo ng kabuuang ani.

TUMITINDING MILITARISASYON. Upang sugpuin ang pagtutol ng mamamayan sa proyekto kasama, ginagamit ni Cojuangco at ng kanyang mga kasabwat ang reaksyunaryong militar at pulis sa rehiyon upang maghasik ng lagim at pananakot. Nakapagtala na ng 11 kaso ng malubhang pagbabanta ng militar at pulis ang lokal na samahan ng mga magsasaka roon.

Dalawang batalyon ang itinalaga at nagtayo ng mga kampo ang mga bayan ng Delfin Albano, Santiago at Mallig. Isa pang kampo ang itatayo sa Sta. Isabel, Ilagan. Sa timog-kanlurang Isabela, batas militar ang nananaig. Dito, ipinataw na ang curfew at itinayo ang mga tsekpoyn. Walang anumang karapatan ang mga magsasaka na mag-ipon. Tinitiktikan, tinatakot at binabantaan ang sinumang nangangahas magpahayag ng pagtutol.

Gayunman, buo ang loob ng mga magsasaka roon na paigtingin ang mga protesta laban sa pangangamkam ni Cojuangco at kanyang mga kasapakat. Noon pa ma'y tutol na ang mga magsasaka sa proyekto. Handa rin silang harapin ang anumang panggigipit ng militar at pulis. **AB**



Sa ibang dako ng bansa...

NAGING MATATAGUMPAY ANG PAGLULUNSAD NG mga taktikal na opensiba sa iba't ibang dako ng bansa kasabay ng paggunita sa ika-34 na anibersaryo ng BHB. Labinlima ang patay sa mga tropa ng AFP sa mga sagupaan laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula ikalawang hati ng Marso.

Oriental Mindoro. Tinambangan at napatay ng BHB noong Marso 22 ang limang sundalo ng 68th IB ng Philippine Army (PA) sa Pinamalayan. Nasamsam sa kanila ang apat na M16 armalayt at isang M203 *grenade launcher*.

Pinasabugan ng bomba ang kanilang sasakyen na ikinamatay agad ng apat na tropa, kabilang ang kanilang kumander. Ang isang sugatan ay napag-alamang napatay din.

Noon namang gabi ng Marso 27 sa Bongabon, inambus ang isang platon ng 16th IBPA at Task Force Arrowhead sa Sitio Balite, Barangay Hagan. Patay kaagad ang isang sundalo habang ang isa ay nalagutan ng hininga bago makarating sa Roxas District Hospital.

Palawan. Patay ang isang CAFGU at sugatan ang isang kasapi ng 2nd Marine Battalion Landing Team ng Philippine Marines nang maengkwentro nito ang BHB sa Barangay San Rafael, Puerto Princesa City noong Marso 26.

Bohol. Dalawang sundalo ang dinala sa Central Command Hospital sa Camp Lapu-Lapu, Cebu City noong Marso 28 nang makasagupa nila ang mga Pulang gerilya sa Sitio Masingin, Barangay Tabuk, bayan ng Danao. Sa binti ang tama ng sарhento ng 6th Special Forces Battalion habang ang isang tropa ng Charlie Coy, 15th IBPA ay sa kaliwang paa. Dalawang araw lamang ito makaraang isang sundalo ang napatay sa Sitio Pendumon, Barangay Cabatuan, Danao.

Bukidnon. Tatlong sundalo ng 31st Special Forces Battalion at isang CAFGU ang napatay sa ambus sa Barangay Dao, San Fernando noong ika-34 kaarawan ng pagkatatag ng BHB. Nasawi ang isang Pulang mandirigma sa labanang ito.

Albay. Inambus ng BHB ang nagpapatrulyang 22nd IBPA sa Barangay Tababo, Pio Duran noong hapon ng Marso 30. Sa unang bugso ng mga putok, tinamaan at agad na namatay ang isang sundalo.

Libu-libo, dumalo sa libing ni Ka Bob

Umabot sa 2,500 mamamayan ang dumalo sa libing ni Ismaelito "Ka Bob" Giganto sa Tapaz, Capiz noong Marso 29. Namartir si Ka Bob, kumander ng Jose Percival Estocado Command, sa inilunsad na operasyong pananambang ng BHB noong Pebrero 24. Sa operasyong ito, napatay ang pitong sundalo ng SOT ng Task Force Panay sa Barangay Daan Sur, Tapaz.

Karamihan sa nakipaglibing ay nakadamat pula bilang pakikiisa sa rebolusyonaryong kilusan at pakikidalamhati sa kamatayan ng isang rebolusyonaryo. Dala-dala ng mga kamag-anak ni Ka Bob ang mga bandila ng PKP at BHB. Binasa sa libing ang mga pahayag ng Coronacion "Waling-Waling" Chiva Command ng Isla ng Panay at ng Jose Percival Estocado Command-Central Front.

Ebakwasyon sa Mindanao, lumalala

Dumadami ang bilang ng mga *refugee* sa Mindanao. Sa huling talaan, nilampasan na nito ang nagdaang mga rekord ng mga nagsisilikas sa isla bunga ng mga gera sa nakaraang limang taon.

Sa loob lamang ng dalawang buwan, umaabot na sa 122,114 ang mga nagsilikas. Karamihan dito ay mula sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM), North Cotabato at Sultan Kudarat.

Sa mga *refugee center* ng Pikit, North Cotabato pa lamang, aabot na sa 47,000 ang mga bakwet. Kabilang dito ang 15,000 bata. Sa pinakahulugan talaan, mayroong 36 bata ang namatay dito; 13 ang nadagdag nitong Abril 2. Aabot naman sa 366 bata ang nasa mga ospital sanhi ng iba't ibang karamdamian.

Pasada sa mga balita

Pag-alok ng himpapawid sa gera, binatikos

Binatikos ng mga pulitiko, personahe at iba pang sektor ang pag-alok ni Arroyo sa US na gamitin ang himpapawid ng Pilipinas bilang suporta sa pagsalakay ng US sa Iraq. Ang alok ay ginawa ni Arroyo noong Marso 22. Kinutya siya sa "sobrang sabik" na pagsuporta sa gubyernong US.

Renato Constantino, pinarangalan

Pinarangalan si Renato Constantino, bantog na nasyunalistang istoryan, manunulat at edukador, noong Marso 10, 2003 sa okasyon ng kanyang ika-84 na kaarawan. Ginanap ang pagtitipon sa Bahay Kalayaan, sa UP Diliman. Nagtalumpati doon ang mga pulitiko at aktibista na nagbigay-diin sa patuloy na kabuluhan ng nasyunalismo sa harap ng lalong paghigpit ng dayuhang kontrol sa Pilipinas.

Petisyon ng Meralco, pinaburan ng gubyerno

Binigyan ng Senado noong Marso 20 ng 50 prankisa sa distribusyon ng kuryente ang Manila Electric Company (Meralco). Ang bawat prankisa ay tatagal nang 25-taon. Sa desisyong ito, lalong sasaklaw ang kontrol ng Meralco sa distribusyon ng kuryente sa karamihang lugar sa Luzon. Isang araw pagkalipas, pinaburan din ng Energy Regulatory Commission ang petisyon ng Meralco para sa "unbundling" o paghihiwa-hiwalay ng iba't ibang mga aytem sa singil sa kuryente. Tinatayang aabot sa 13 sentimos bawat kilowatt-hour ang itataas ng singil ng kuryente dahil dito.

Kasong Kuratong Baleleng, binuhay

Ipinag-utos ng Korte Suprema nitong Abril 1 na muling buksan at kagyat na resolbahan ang kasong *multiple-murder* laban kay Gen. Panfilo Lacson kaugnay ng sinasabing pagpatay sa mga myembro ng Kuratong Baleleng Gang noong 1995. Si Lacson noon ang hepe ng *task force* ng Philippine National Police laban umano sa *kidnapping*. Bago nito, idineklara ni Lacson ang intensyon niyang tumakbo bilang presidente sa eleksyon 2004.

Kasong libelo, isasampa ng Bayan Muna


Magsasampa ng kasong libelo ang partidong Bayan Muna laban sa istasyon ng telebisyon RPN-9. Ito ay kaugnay ng pagpapalabas noong Abril 3 ng isang dokumentaryong naglarawan sa Bayan Muna bilang isang "front organization" ng Partido Komunista ng Pilipinas. Iginiit ng Bayan Muna na ito ay isang lehitimong organisasyon.

Gen. Abaya, bagong hepe ng AFP

Hihirangin ni Presidente Macapagal-Arroyo sa Abril 8 si Lt. Gen. Narciso Abaya bilang bagong hepe ng AFP. Si Abaya ay kasalukuyang hepe ng Southern Command ng AFP.

Nakamatay na sakit

Aaabot na sa 15 katao, kabilang ang isang Pilipino, ang namatay sa bagong sakit na SARS o Severe Acute Respiratory Syndrome sa Hongkong. Unang lumitaw ang sakit na SARS sa Guangdong, China noong Nobyembre 2002 at umabot noong Pebrero sa Hongkong. May mga kaso na ng SARS hanggang sa Europe at Canada. Pinag-aaralan pa ng mga espesyalista ang gamot sa sakit na ito.



North Korea, naghahanda para sa agresyon ng US

SA HARAP NG PATUOLY NA panggigipit at bantang militar ng US, iginiit ng North Korea noong nakaraang Oktubre ang karapatan nitong magkaroon ng mga armas nukleyar. Batid nito na ang pagkakaroon ng kapasidad na lumikha ng gayong mga armas ang tanging makapipigil sa mapanalakay at mapanakop na tunguhin ng imperyalismong US. Hindi malayong isunod na gerahin ng US alinman sa Iran at North Korea, na noong Enero 2002 ay inihanay nito sa Iraq bilang "sentro ng kasamaan".

Noong Enero 2003, tumiwalag na ang North Korea sa Nuclear Non-proliferation Treaty, isang kasunduang internasyunal na makaisang-panig na nagbibigay sa mga makapangyarihang bansa ng eksklusibong karapatang magkaroon ng mga armas nukleyar. Tinangka ng US na ipitin ang gubyerno ng bansa sa pamamagitan ng sari-saring pananakot at banta. Inakusahan ito ng US noong Oktubre ng aktibong paglikha ng mga armas nukleyar.

Kagaya ng ginawa nito sa Iraq noon, pinepresyur ngayon ng US ang North Korea na ipailalim sa inspeksyon ang sinasabing mga pasilidad sa paglikha ng mga sandatang nukleyar at upang pwersahin itong magdisarma. Para rito, pinalalaki na ng imperyalista ang pwersang militar nito sa Japan at South Korea at pinag-iibayo ang pang-eespiya sa North Korea.

Hindi nagkakampante ang North Korea. Inihahanda nito ang sandatahang lakas at ang mamamayan sa posibilidad na ang bansa na gegerahn ng US kasunod ng Iraq. Nagbabala na rin ang North Korea nitong Marso 26 na kakalas na ito sa *armistice* na pinagkasunduan noong 1953 kung hindi ititigil ng US ang armadong probokasyon. Ang naturang *armistice* o tigil-putukan ay pansamantalang kaayusan upang bigyang-daan ang resolusyon ng Korean War noong dekada 1950.

Nitong Marso 29, nagpahayag ang North Korea na tututulan nito ang lahat ng presyur na magpainspeksyon o magdisarma. Tinukoy nito na ang kasalukuyang sinasapit ng Iraq ay bunga ng pagpapadaig nito noon sa presyur ng mga imperyalista.